# AWIT NG ABANTERO
## (BATAY SA MGA DATOS NG AKLAT NA *UNDERMINING PATRIMONY*)

ROGELIO ORDOÑEZ

tulungan mo po ako ngayon
iahon mo po ako
malamig at napakadilim
di po ako makahinga
napakabigat po ng mga bato
bumabagsak po ang mundo
o, panginoon, tulungan mo po ako
nagsusumamong huwag mo pong ipahintulot
na mamatay agad ako
nais ko pa pong masilayan
ginintuang sikat ng araw
at mukha ng asawa ko't anak
panginoon, huwag mo pong ipahintulot
na mamatay agad ako.

ngunit sinong makauulinig
sa mga daing ng hamak na abantero?
sinong makakikita sa kanyang pawis at dusa?
sinong magpaparangal
sa di kilalang bayaning ito?
halos di siya maaninag
halos kalahati ng katawan niya'y
nakabaon sa lupa
minamaso niya pader ng yungib
hinahanap ang mga ugat ng ginto
ngunit lahat ng gintong kanyang makukuha
mawawala rin sa kanya
dahil mundo'y di para sa kanya.

oo, huli na ang lahat
bago maunawaan ng hamak na abantero
mga kabalintunaan ng buhay
siyang nakahuhukay ng ginto
siya namang labis na nagdaralita
at siyang nangangarap
ng hangin at sikat ng araw
ay nalilibing naman sa minahan.